Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Nobyembre 18, 2022

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 430 , s. 2022**

**BIRTUWAL NA PRESENTASYON SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PAGBASA**

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya/ Sekondarya
At sa iba pang Kinauukulan

1. Ipinagbibigay alam ng Tanggapang Pansangay na magkakaroon ng Tatlong (3) minutong Birtuwal na Presentasyon sa Pagdiriwang ng Buwan ng Pagbasa na ang sangguniang ginamit ay DM-CI-2022-389.

2. Ang nilalaman ng Birtuwal na Presentasyon ay mga aktibiti/proyekto na isinagawa ng paaralan ukol sa Pagbasa.

3. Ang layunin ng proyektong ito ay:
   a. mapataas ang pagpapahalaga at pagmamahal ng mga guro at mag-aaral sa pagbasa; at
   b. mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral gamit ang iba't-ibang gawain sa pagbasa.

4. Ang bawat paaralan ay malayang pumili ng aktibiti/proyekto, isaalang-alang ang resources ng paaralan.

5. Ang tagamasid pansangay ay pipili ng mahuhusay na birtuwal na presentasyon. 10 sa Elementarya at 10 sa Sekundarya.

6. Ang mga mapipili ay pagkakalooban ng Sertipiko ng Pagkilala ang punongguro at guro na nagkaroon ng kolaborasyon sa paggawa.

7. Ang huling araw ng pagpapasa ng presentasyon ay sa ika-30 ng Nobyembre, 2022 sa ganap na ika-5:00 ng hapon, sa pamamagitan ng google link na ipopost sa GC ng mga koordineytor sa Elementarya at Sekundarya.

8. Ang rubrik na gagamitin ay:

| | | |
|---|---|---|
| Nilalaman 50% | Presentasyon 40% | Teknikal na Aspeto 10% |

9. Inaasahan ang pakikiisa ng mga kinauukulan para sa proyektong ito.

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Nanunuparang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tanggapang Pansangay ng Bulacan

CID/JPB-Division Memo- Birtuwal na Presentasyon sa Pagdiriwang ng Pagbasa
00024/Nobyembre 18, 2022